# Diyalektikong Panlipunan sa mga Piling Sugilanon ni Gumer M. Rafanan

CHEM R. PANTORILLA

**Abstrak**

Ninais sa pagsusuring ito na maipakita ang kontradiksyong panlipunan bilang diskursong panlipunan ni Gumer M. Rafanan sa dalawang sugilanon na *Usa ka Kumkom nga Tinapay* at *Bantayog*. Ginamit sa paglalahad sa mga kontradiksyon ang ideya ni Gramsci tungkol sa gahum at Althusser para sa mga aparatus sa lipunan na ideolohikal at represibo. Katotohanan na nakikita sa kanyang mga sugilanon ang imbestigasyon sa: kalagayan ng buhay, gahum ng estado; mga prebilihiyadong tao at ang umpugan ng mga institusyon na lumikha ng maraming kawalan sa lipunan. Naghatid ang banggaang ito ng: kawalan ng hanapbuhay, kawalan ng karapatang magkaroon ng sariling bahay, kawalan ng masasandalan sa oras ng kagipitan at iba pa. Sa pahiwatig ni Rafanan mula sa kanyang sugilanon, inihain niya na solusyon sa suliraning panlipunan ang interbensyon ng tao, ng karaniwang mamamayan, ng masa sa lumalawak na kapangyarihan ng kapitalista, ng estado, at ng mga politiko sa bansa.

Susing Salita: Gumer Rafanan, Rehiyonal na Panitikan, Dayalektiko, suliraning panlipunan, Sugilanon

Chem R. Pantorilla is an Associate Professor. He teaches Filipino and Language and Literature at the Department of Filipino and Other Languages of College of Arts and Social Sciences (CASS), MSU-Iligan Institute of Technology.

## Introduksyon

Bukas ang isip ni Gumer Rafanan sa mga naganap sa kanyang palibot. Manipestasyon nito ang iba-ibang mga pangyayaring kanyang nakikita at naging refleksyon sa mga isinulat na akdang panitikan. Para sa kanya, maganda ang isang akdang panitikan [lalo na sa sugilanon/sugilanon] kung *naghulagway ug kamatuoran bahin sa kinabuhi*[1] [naglalarawan ng totoong pangyayari sa buhay]. Kaya sinabi ni Torres-Yu (101) na nakasalalay ang silbi ng panitikan sa relasyon nito sa lipunan. Dagdag pa niya, nag-ugat ito sa hakang ang panitikang nilikha mula sa mga panahon ng kahirapan o krisis at tunggalian, nakaukit ang mga katangian ng buhay ng mga tao. Mayroong kakayahan ang panitikan ni Rafanan na tingnan ang mga isyu mula sa iba-ibang pananaw at bumuo ng pinakamatipid at makatwirang pagkakasundo ng tila magkasalungat na impormasyon at pangyayari. Kung gayon, ang panitikan ni Rafanan ay maaring tingnan bilang diskursong panlipunan. Ito ay mga pahayag na nilikha ng mga pangyayari sa lipunan mula sa kondisyong kanilang iniiralan. Samakatwid, ito ay naglalarawan ng panlipunang aspekto sa buhay ng tao sa lipunan at ng kanyang kaugnay na reaksyon sa mga ito. Ang panitikan, kung gayon, ni Rafanan ay itinuturing sa pag-aaral na ito bilang imbakan ng mga kontradiksyong panlipunan. Ito ang sinuri at tinalakay sa papel gamit ang mga pananaw at mga implikasyong sosyal ni Rafanan sa iniiralang lipunan. Itinuon ang pagsusuri sa mga piling sugilanon niya, partikular ang mga sugilanon: *Bantayog* at *Usa ka Kumkom nga Tinapay.*

Sino nga ba si Gumer Rafanan? Isinilang si Gumercindo M. Rafanan, mas kilala sa tawag na Gumer Rafanan, noong Enero 13, 1931 sa Pilar, Cebu. Natapos niya ang kanyang Bachelor of Science in Education sa University of the Visayas sa Lungsod Cebu at Bachelor of Arts in Business Administration sa St. Peter's College ng Lungsod Iligan. Nakapagsulat at napaglathala na siya ng humigit sa 800 na mga maikling kuwento, tula, artikulo, sanaysay, at dula; at humigit kumulang 24 na mga nobela sa wikang Cebuano. Isa sa kanyang pinakakilalang mga kuwento ang: Hagip-ot nga Kalibotan, Madulom nga Kalibotan", Usa ka Kumkom nga Bugas", "Kadtong Itum nga

[1] Personal na interbyu kay Gumer Rafanan noong Disyembre 27, 2011 sa kanyang bahay sa Pala-o, Lungsod ng Iligan.

Bathala", "Ulbo sa Kadalanan", at "Bulaklak sa Kinatumyan sa Dakit". Nakapaglahata rin siya ng mga nobela na ipinalabas ng serye sa isang magasin at ito ang mga: Maratabat; Landong sa Katahap; Pantaw Ragat; Banagbanag sa Habagatan; Mutya sa Apo; Magindanaw; Ang Gikalisangan sa Pantao-Ragat. Isa rin siya sa pinakamagaling na manunulat sa Lungsod Iligan dahil nakatanggap siya ng 72 na mga gamtimpala kasama rito ang Ludabi Hall of Fame Award for Visayan Writing (1993); Bathalad-Mindanao Hall of Fame Award for Literature (2001); Outstanding Citizen of Iligan City for Literature (1993); at CCP Literature Grant for translating Sulpicio Osorio's Mga Bungsod Nga Gipangguba (1994). Nagsusulat siya ng kolum sa Parish Bulletin, Lanao Mail, Gold Star Daily, Banat News, at Iligan Review (panitikan.ph).

Tekstwal ang paraan ng pagsusuri sa mga sugilanon na ginamit sa pag-aaral. Gamit ang banghay nito, pinalutang ang mga suliraning panlipunan bilang diyalektikong tugon ni Rafanan sa lipunan sa pamamagitan ng sugilanon. Pinalutang ito gamit ang konsepto ng gahum ni Gramsci at ang ideya ni Althusser (1973) sa pagiging aparatus ng mga institusyon sa pagtugon ng tao sa mga pangyayari sa kanyang paligid.

## Ang lipunan at Kontradiksyon sa mga Sitwasyong Panlipunan

Magalaw ang imahen ng lipunan, kaya iba-ibang alingawngaw ng mga boses ang maririnig dito. Sa simpleng pagpapakahulugan, ito ay binubuo ng mga tao na may ugnayan sa isa't isa at nasa parehong lugar o tirahan. Kaya sinasabing ang pamilya ay isang maliit na yunit ng lipunan, ang paaralan ay isang lipunan rin, ang simbahan, ang pamahalaan at iba pa. Sa kabilang banda, ang ugnayan ng tao sa isa't isa ay nakapagdulot ng masalimuot na kahulugan ng lipunan. Ayon kay Williams (291) ito ay *body of institutions within which a relatively large of group of people live.* Nabanggit niyang isa rin itong pinakaabstraktong termino para sa kondisyon na ang mga institusyon at ugnayan sa isa't isa ay nabuo. Malaki ang naging papel ng estadong pang-ekonomiya ng mga tao sa lipunan bilang kondisyon ng relasyon nila sa isa't isa. Dahil sa materyal na kondisyon at pangangailangan ng tao, higit na naging arena ng kontradiksyon ang mga gawain sa mga pangangailangang pang-ekonomiko ng lipunan upang mabigyang

katugunan din ang kanilang mga materyal na kahingian. Minsan ang mga sosyal na organisasyon, lalo na ang pamahalaan, kapag may hindi nabigyan nang tuon o nakaligtaan, ito ang dahilan upang magkaroon ng kontradiksyon tulad ng pagtutunggalian ng uri – mga mayayaman laban sa mahihirap, sa panginoong-maylupa laban sa mga magsasaka, at iba pa. Nagbubunga ito ng kapangyarihan sa lipunan na ayon kay Barrow (69), may umiiral na kapangyarihan sa lipunan dahil sa organisadong pagkontrol at pagmamay-ari sa mga pangunahing pinagkukunan. Ito ay binubuo ng kayamanan, lakas, at kaalaman. Sabi naman ni Callinicos, sa bawat lipunan na humahawak ng sinasabing pangunahing *resources* ay itinatag sa pamamagitan ng mga organisasyon ng ekonomiya, lipunan, gobyerno, at maging ng kultura. Kaya sa opinyon ni Marx (nasa Barry 43) nais niyang magkaroon ng kawalang uri sa lipunan, ayon sa komon na pagmamay-ari ng paraan ng produksyon, distribusyon, at maging sa pagpapalitan (exchange). Sa mas malawak na perspektibo, ang lipunan bilang elemento ng isang estado, ay itinuring bilang instrumento ng dominasyon ng uri (class domination). Ang estado ay nagsisilbi sa interest ng anumang pagkontrol sa uri sa sentral na institusyon, gaya ng *chief executive,* ang *civil bureaucracy,* pulisya, sandatahang lakas, at maging ang paaralan (Barrow 25). Sa lipunan, ang sinasabing sentral na institusyon ang pinagmulan ng tunggalian at lumikha ng kontradiksyon sa pamamagitan ng represyon (Athusser 143). Samakatwid, kasabay ng pagkakaroon ng uri, nalikha rin sa lipunan ang mga taong nasakop ng mga maykapangyarihan. Halimbawa, sa sistemang pang-ekonomiya ng isang lipunan, ang sinumang nagmamay-ari ng negosyo ay nagmamay-ari rin ng gumagawa ng produkto sa kanyang negosyo. Sa kabilang banda, dinalumat naman ni Gramsci (98) na hindi lamang mga sentral na Institusyon ang nagdudulot ng opresyon sa masa. May mga ideolohiya itong nabuo at ibinahagi sa masa. Sabi niya, *the masses could not become class conscious on their own but only through the help of the social elite* (100).

Hindi lamang opresyon mula sa istrukturang panlipunan ang politikal na ugnay sa lipunan. Sa kahulugan ni Joel Migdal, ang lipunan ay *equated society with the civil society* [2] *groups w/c includes*

---

[2] Ang kahulugan ng *civil society rito ay hindi lamang patungkol sa gawaing pang-ekonomiko.* Bagkus ito ay tumutukoy sa mga grupong may mababang ranggo o estado [tingnan ang aklat ni Gramsci na Selection from the Prison Notebooks].

*the church, the business sector, and other nonstate actors.* May mga tunggalian at ugnayan dito na bumubuo ng kontradiksyon tulad ng usapin sa lahi at kasarian. Bahagi ito sa sinasabing ideolohiya ni Althusser (nasa Barry 157) na *is a subject's imaginary relationship with the real conditions of his/her existence.*

Maaring lumikha ng imbestigasyon o di kaya'y katanungan ang mga tao sa polisiyang sinusunod sa lipunan. Ito ay alinsunod sa pagbasang ginawa ni Macey sa iskolarsyip ni Althusser na:

> Althusser's theory of ideology, interpellation is the mechanism that produces subjects in such a way that they recognize their own existence in terms of the dominant ideology of the society in which they live (p.144-147).

Sa Pilipinas, ang lipunan noon pa man ay binubuo na ng mga kontradiksyon. Mas naging masalimuot nga ito dahil sinakop tayo ng iba't ibang mananakop na mayroong sariling layunin at interest. Lumikha ito ng iba-ibang pakikipagtunggali ayon sa sinuman ang mananakop. Ang intensidad at direksyon ng bawat pakipagtunggali ay depende sa opresyon at layunin ng mananakop (Constantino 12).

May estruktura na ang lipunan ng Pilipinas bago pa man dumating ang mga Kastila. May mga naghaharing uri na dahil sa sinusunod nilang sistemang mala-komyunal at mala-aliping panlipunan sa maraming lugar at sistemang piyudal sa ilang lugar, lalo na sa Mindanao at Sulu (Guerrero 6). Ang kontradiksyong ito sa lipunan ay nag-anak ng uri tulad ng panginoong may-lupa laban sa mga pesante. Bukod pa rito, ang sistema ng pamamahala ay naglalahad din ng mga uri sa lipunan. Higit itong nabigyan ng diin nang sinakop ng mga Kastila ang ating lipunan. Ang klase ng lipunang umunlad sa mahigit na tatlong siglo ng paghahari ng Espanyol ay kolonyal at piyudal. Ito ay lipunang pinaharian ng uring panginoong maylupa, ang mga Espanyol, mga pari at umapi sa mga Pilipino. Ito ay bunga sa kawalang kaisahang pampolitika na nagbuklod sa lahat o sa nakararaming mamamayan (Guerrero, 11). Sa panahon naman ng pananakop ng Amerikano, nagkaroon ng malawakang pagbabago sa lipunang Pilipinas at ang lipunang Pilipino ay ginawang imaheng Amerikano at itinanim sa karamihang Pilipino ang kolonyal na mentalidad (Constantino 1). Kung sa panahon ng Kastila ang lipunang

Pilipino ay naipakilala sa sistemang agrikultural at pyudal, industriyalisasyon naman at imperyalismo ang lumaganap sa panahon ng Amerikano. Sabi nga ni Guerrero (45), ang pananakop ng Amerikano ay agad nagkunwaring mga guro para ikalat ang propagandang imperyalista na sila raw ay pumarito para sa demokrasya at ihanda ang mga Pilipino para sa sariling gobyerno. Subalit lumaganap ang higit na tunggalian sa pagitan ng mga tao dahil sa paglawak din ng kapitalismo. Kahit sa panahon ng pananakop ng mga Hapon, diktador naman ang naging lipunan sa panahong ito na dahilan sa mga pakikipagtunggali ng mga Pilipino. Matindi ang nangyaring kalupitan sa lipunan mula sa militarya ng mga Hapon. Sa kasalukuyan, kahit pa sabihing malaya na ang Pilipinas sa mga mananakop, patuloy pa rin ang nararamdamang tunggalian sa lipunan. Ito ay mula sa hindi pagkakaunawaan sa estado ng buhay lalo na sa ekonomiya dahil sa patuloy na paglubo ng kahirapan. May mga bangayan sa lahi sa pagitan ng pamahalaan at mga Muslim dahil sa isyu tungkol sa kanilang ancestral domain, higit lalo ang lumulubong epekto ng globalisasyon sa kasalukuyang pamumuhay ng mga Pilipino.

Ramdam ang ganitong kalagayan sa mga textong pampanitikan. Sabi nga ni Lucero (xv) sa introduksyon ng antolohiyang *Sugilanon Mga Piling Maikling Sugilanon Hiligaynon* nakapaloob ang tema tungkol sa pagtutol laban sa umiiral na panlipunang kaayusan. Inilarawan sa mga sugilanon ang mga katangian ng lipunang nabubuhay sa kahirapan, paniniil, at kawalang-katarungan.

## Ang Lipunan sa Piling Sugilanon ni Gumer Rafanan

Ang lipunan sa panitikan ni Rafanan ay larawang hinango sa lipunang tinitirhan ng mga Pilipino sa kasalukuyan. Subalit ang sangkap ng larawang ito ay pinatingkad niya nang mabuti sa pamamagitan ng paglalarawan sa dalawang nag-uumpugang bahagi ng lipunan – ito ang mga mahihirap at mga nasa kapangyarihan. Naipakita niya ang impluwensya ng estado sa mga burukrasya [o vice versa] na nagpapatupad sa mga kontradiksyon sa lipunan. Nailarawan niya ang kapabayaan ng pamahalaan sa mga mamamayan at ang pagsuporta nito sa mga kapitalista para sa kanilang sariling kapakanan. Sabi nga ni Torres-Yu (108) sa ganitong yugto ng lipunang nasa bingit ng radikal na pagbabago, sinasabing tumitingkad ang katayuan ng sining, at ang panitikan. Paano ito ipinapakita ni Gumer

Rafanan? Gamit ang sosyo-realismong paglalarawan sa lipunan, nagawa ni Rafanan na ilahad ang sinasabi ni Lucero (xv) na ang istruktura at kondisyon ng lipunan ay pinag-uugatan ng kahirapan at di-pagkakapantay-pantay.

Matamang isinalaysay ni Rafanan sa kanyang sugilanon *Isa Ka Kumkom nga Tinapay* ang naging buhay ng isang bata sa gitna ng kahirapan. Sa loob ng lipunang may maraming kawalan: kawalan ng hanapbuhay, kawalan ng karapatang magkaroon ng sariling bahay, kawalan ng masasandalan sa oras ng kagipitan – ay tiyak na maanak ang iba't ibang mga krimen. Ito ay pinangungunahan ng mga taong naging biktima sa umusbong na impluwensya ng mga mayroon, ang mga negosyante. Nagawa ni Boy [ang tagapagsalaysay sa sugilanon] na ipaalala sa atin ang lupit at pambabalewala sa karapatang pantao ng mga kapitalista nang ang kanilang lugar at bahay ay na *demolish*, nawalan sila ng tirahan. Nagkahiwalay sila ng kanyang ina sa pangyayaring ito, sa murang edad wala na siyang naging gabay sa kanyang paglaki. Ang buhay na mayroon si Boy, ay nagpaalala sa lipunan ng mga biktima ng kahirapan. Isa siyang bata na nagsumikap mabuhay kaya nilabanan niya ang anumang balakid gaya: ng gutom, kawalan ng matutulugang bahay, pagkawala ng ina at pagkamatay ng kanyang ama. Ito ay mga sitwasyong inilahad ni Rafanan na dahilan sa lumulubong krimen at pagtugon sa mabilisang pagbabago sa lipunan. Sa kabilang banda, ang mga tauhang naging masama gaya ni Boy at ng batang nagnakaw ng tinapay ay bunga sa kawalan ng aksyon ng estado sa kanilang kalagayan. Nag-iwan ng latak sa buhay ng marami ang kapabayaan ng mga burgis sapagkat sila ang may kapangyarihang kontrolin ang sistemang politikal, gumawa ng mga batas at mga pagpapahalagang nababatay sa kapakanan ng nakararami. Gayunpaman, mas inuuna nila ang kapakanan ng iilan, gaya ng ginawa ng pulis sa pagbaril sa batang nagnakaw ng tinapay. Hindi batid ng mga pulis kung sino ang batang kanilang nabaril, basta ang tanging alam nila ay maging tagapagbantay sa kapayapaan ayon sa konteksto ng mga mayaman at burgis. Tinugis ng mga pulis ang mga tulisan, sila ay nagawang magnakaw dahil sa tumitinding kahirapan, kasama si Boy subalit ang bata ay nadamay. May kaugnayan ito sa pananaw ni Tolentino (33), ang pagkakaroon ng mga kontra-estadong konsepto ng mamamayan ay ebidensya sa di-hegemonikal na pagbalikwas sa ideal na nilalang ng estado. Ironiya sa sitwasyong panlipunan nang di-sinadyang napatay ng pulis ang bata – sapagkat ang tangi lamang kasalanan nito ay magnakaw para magamot ang kanyang tumitinding

nararandamang gutom. Di-sinadya sapagkat ang kasabwat ng mga tulisang si Boy ang kanilang nais. Gayunpaman, sa konteksto ng sugilanon, ang bata ay nagnakaw ng tinapay sa bakery ng Intsek. Ang negosyanteng Instek ay sumigaw ng magnanakaw at humingi ng tulong sa mga pulis. Ito ang banghay na tinutukoy:

> Pagkalipat sa Insek mikalit siyag pudyot sa kahon.
>
> "Polis! Polis!" misibaw ang nagkayungit nga tingog sa Insek.
>
> Midagan siya ug migadan samtang hugot nga gikumkom sa tuo niyang kamot ang pipila ka pandesal. Namidpid siya sa dalan, mitabok, namidpid, ug mitabok na usab. Nanan-aw kaniya ang mga tawo nga iyang hilabyan ug hitagboan. Dihay migukod kaniya.
>
> [Nang nalingat ang Insek, agad siyang kumuha sa kahon. "Pulis! Pulis!"sigaw ng nabulol na boses ng Insek.
>
> Tumakbo siya nang tumakbo habang mahigpit na kinuyom ng kanang kamay ang ilang piraso ng pandesal. Sumuot siya sa gilid ng daan, tumawid, sumuot na naman sa gilid ng daan, at muling tumawid. Tiningnan siya ng mga taong kanyang nadaanan at nakasalubong. May ilang humabol sa kanya.
>
> "Ayon siya! Ayon siya!" may sumigaw.
>
> Patuloy siyang tumakbo sa daan. Lumiko sa kaliwa, kumanan, dumiritso, at muling tumawid. Nagsing-abot ang kanyang hininga sa sobrang hingal. Subalit patuloy pa rin siya sa pagtakbo dahil may mga yapak na humahabol sa kanya.]

Ang larawan ng batang nakita ni Boy na nagnakaw ng tinapay sa bakery na pagmamay-ari ng isang Insek ay larawang nakababahala, na bukas at makalawa, ang bayan ay magiging kawalan rin dahil sa

pagpapabaya ng pamahalaan sa sinasabi ni Jose Rizal na "pag-asa ng bayan ang kabataan". Si Boy naman na lumaki at naging maayos ang buhay dahil sa pagpasok niya sa pagnanakaw, pagkarnap, panghold-up ay metapora lamang sa magiging lipunan kung sa simula pa lamang hindi bibigyan ng halaga ng estado ang mga batang napabayaan at naging biktima ng kahirapan at ng mga mayayaman. Nagsisilbing hawan ang dalumat ni Rafanan sa buhay ng tao [sa pamamagitan ng paggamit ng tauhang bata] na sa lipunang higit na marami ang mahihirap hindi lamang buhay ng mga bata ang masisira bagkus maging ang bayan.

Mapapansin naman sa sugilanon *Bantayog* ang pagpapahiwatig sa lipunang may umiiral na dominasyon ng kapangyarihan buhat sa estado. Sa sugilanon, isinalaysay ang kapangyarihan ng pangulo sa pamamagitan ng kanyang pagpapatayo ng bantayog sa isang bundok. Ito ay nagsisilbing simbolo sa kanyang nagawa sa bayan [panlabas lamang na kahulugan], at metapora ito ng kanyang kapangyarihan. Nalikha ang bantayog ni Moises Justo, isang eskultor, na tugon sa katuparan ng kanyang karera bilang artista sa sining ng paglililok at para mapatunayan ang pagkahalal sa kanya bilang 'Pambansang Alagad ng Sining'. Gayunpaman, sa likod ng bantayog umuusbong ang sugilanon ng mga magsasakang dumadaing sa kahirapan. Nagkaroon ng kilusan laban sa pamahalaan ng kanilang Presidente, ito ay reaksyon sa tumitinding pagdarahop at tugon rin sa bantayog na ipinatayo. Sa kanilang sariling opinyon, ang bantayog na ito ay isang anyo ng pagpapakita ng kapangyarihan laban sa kanila, na mga magsasaka, na lumalaban sa pamamalakad ng Presidente. Bukod sa ito ay metapora ng kapangyarihan ng Presidente, naging simbolo rin ito ng lipunang puno ng opresyon, katiwalian, at kahirapan ng mga mamamayan hindi lamang sa kanilang barrio bagkus maging sa kanilang bansa.

Samakatwid, mula sa mga banghay at tunggalian ng kanyang mga sugilanon nagawa ni Rafanan na tanungin ang umiiral na sistema sa kanyang palibot. Ang sistemang higit na kumikiling sa mga may kapangyarihan at sa mga may salapi. Sa kontekstong ito, tama si Tolentino (38) sa kanyang sinabi na ang papel ng estado ay lumilikha ng paranoid na lipunan. Dagdag pa niya, tulad ng patriyarkal na lipunan na sine-*second guess* ... ang mamamayan ay ginagawang hilong talilong sa doble-pamantayan ng buhay sa lipunan. May ibang batas

para sa babae at lipunan, naka-legislate man o bilang naunang kaayusang panlipunan; gayundin, may ibang batas para sa mayayaman at mahihirap.

**Ang Nagahum sa Gahum: Nosyonal na Reaksyon sa mga Kontradiksyon sa Lipunan ni Rafanan**

Unang ginamit ni Isagani Cruz[3] ang salitang *gahum* upang tumbasan sa sariling wika ang dayuhang termino tungkol sa nosyon ng imperyal na dominasyon sa lipunan. Sa pananaw ni Gramsci, ang hegemony ay binubuo ng:

> dominant group exercises throughout society and on the other hand to that of "direct domination" or command exercised through the State and "juridical" government. The functions in question are precisely organisational and connective. The intellectuals are the dominant group's "deputies" exercising the subaltern functions of social hegemony and political government. (12)

Ang nagahum sa ganang ito ay tumutukoy sa mga grupo ng taong wala sa gahum subalit apektodo sa dominasyon ng may gahum. May inilatag silang mga ideolohiya tungkol sa kanilang estado at/o mga umiiral na gawi sa kanilang palibot. Ayon kay Sargent (2) mula sa ideolohiya nakapagdulot ito ng *picture of the world both as it is and as it should be, and in so doing, it organizes the tremendous complexity of the world into something fairly simple and understandable.* Litaw na litaw ito sa panitikan ni Rafanan. Gayunpaman, hindi lamang niya ito ipinakita sa paraang aksyon at reaksyon sa dominasyon ng nasa gahum ngunit naglalatag rin ito sa ng pagpupursige ng pagbabago sa lipunan. Mula sa paglalarawan ng banghay sa kanyang sugilanon, nagawa ni Rafanan na bigyan ng boses ang mga hindi nakapagsalita sa pamamagitan ng mga pahiwatig mula sa aksyon ng mga tauhan at maging sa kilos ng mga nasa dominateng grupo na binuhay sa kanyang fiksyon. Sa madaling sabi, ang panitikan ni Rafanan ay nagbibigay ng

---

[3] May banggit si Cruz tungkol sa salitang gahum, naggahum at nagahum sa kanyang aklat na *Bukod na Bukod Mga Piling Sanay* na inilathala ng U.P. Press noong 2003 sa Quezon City.

pahiwatig tungkol sa ideolohiya ng tinatawag ni Gramsci (13) na *subaltern*.

### a. Kuyom ng Bata: Ang nagahum sa Karahasan ng Lipunan

Makikita mula sa paksa at mga problemang tinalakay sa sugilanon na *Usa ka Kumkom na Tinapay* ang mga taong nasa laylayan na naghihirap dahil sa pagtindi ng impluwensya ng kapital at posisyon sa pamahalaan. Pinalitaw niya ang gahum ng kapitalista laban sa mga tagatangkilik ng produkto. Tingnan natin ito sa pamamagitan ng pagbasa sa maikling sugilanon nabanggit na nanalo sa timpalak pampanitikan mula sa LUDABI at nalathala sa magasing Bisaya.

Ibinigay ni Rafanan sa kanyang sugilanon ang isang mabuting halimbawa ng sugilanon na tumalakay sa tipikal na mga tauhang napailalim sa kalagayang sosyal ng Pilipinas. Dinalumat niya sa sugilanong ito ang pangunahing problema ng mga bansang nasa *third world*, tulad ng Pilipinas, ang kahirapan. Tinalakay niya ito sa pamamagitan ng karakterisasyon sa sugilanon ng isang negosyanteng Intsik, isang tulisan, at isang pitong taong batang lalaking naging magnanakaw dahil sa naramdamang lubos na gutom. Sa ganitong banghay pa lamang, inilarawan na sa sugilanon ang tunggalian ng uri – mayaman (ang Intsik) at ang mga mahihirap (ang tulisan at ang batang lalaki). Ang sitwasyong ito ay isang anyo ng paglalarawan na lahat ng ideolohiya ay produkto ng tunay na sosyal at ekonomikong pamumuhay. Kaugnay ito sa pahayag naman ni Marx na "*it is not the consciousness of men that determines their being…it is their social being that determines their consciousness* (mula sa sipi nina Selden at Widdowson). Nakaangkla rin ito sa materyal na interest ng dominanteng panlipunang uri na magtatakda ng pananaw sa pag-iral ng tao, indibidwal man o kolektibo. Ang obserbasyong ito ay inilarawan sa bahaging ito ng sugilanon:

> …Naghinayhinay siyag duol sa kahon ibabaw sa estante nga bag-ong giyab-an ug usa ka bukag nga pandesal. Gilutokan siya sa usa ka lalaking Intsik nga edaran na. Daw mga punyal ang tinan-awan niini kaniya. Apan ang kahapdos sa iyang tiyan tungod sa labihang kagutom maoy nagtukmod kaniya pagduol sa kahon.

Pagkalipat sa Insek mikalit
siyag pudyot sa kahon.

[...Dahan-dahan siyang lumapit sa kahong nasa ibabaw sa estanteng bago pa lamang nilagyan ng isang *bukag* (malaking basket) na pandesal. Pinandilatan siya ng isang may edad na lalaking Insek. Parang mga punyal ang mga titig nito sa kanya. Ngunit ang hapdi sa kanyang tiyan na bunga sa sobrang gutom ang nagtulak sa kanyang lumapit sa kahon.

Nang nalingat ang Intsik, agad siyang dumukot sa kahon. (akin ang salin)]

Naging sanhi sa pagnanakaw ang kahirapang nararamdaman ng bata. Reaksyon ito ng tao para matugunan ang pangunahing pangangailangan sa mundo – ang pagkain. Sa kabilang banda, isang ironikal ang sitwasyong dayuhan (sa katauhan ng Intsik) ang namumuhay nang masagana habang ang isang tunay na mamamayan sa isang bansa ay naghihirap. Larawan ito ng isang sosyo-politikal na estado ng buhay sa lipunang ang mga kapitalista ay naghaharing uri. Ramdam ito ng buong Pilipinas kaya pambansa ang kasong ito. Ginamit ni Gumer Rafanan ang isang lugar sa kanyang sugilanon, bagaman hindi niya pinangalangan ito, upang ilarawan ang pangyayari sa Pilipinas. Mapapansin ito sa isang pangyayari sa buhay ng tauhang tulisan sa sugilanon na dahilan din para sumabak siya sa gawaing panunulis.

Apan dakong kahikurat ang nitagbo kaniya. Wala na ang ilang barungbarong! Wala na ang tanang puy-anan sa sama nila nga mga eskwater! Hain si Nanay niya? Asa niya kini pangitaa?

Nagbasol siya nganong gibiyaan niya si Nanay niya nga nag-inusara. Duha na lang sila kay patay na si Tatay niya. Apan may katarongan siya sa isang pagbiya. Wala na siya kaagwanta sa ilang kapit-os. Mag-unsa ang kita ni Nanay niya sa paglabada? Pila ray makuwarta niya sa panguykoy sa basura? Mas maayo sa kadalanan, sa sentro sa

> siyudad, kay daghan siyag makitang mga pagkaon bisan dili iyaha. Usahay bisan baho lang niini kontento na siya. Daghan siyag mapangayoan ug kon mohatag man ugaling pabalonan ug kasaba, singka ug insulto.
>
> [Ngunit laking gulat ang sumalubong sa kanya. Wala na ang kanilang barungbarong! Nawala ang lahat ng mga bahay sa katulad nilang mga eskwater din! Saan ang kanyang Nanay? Saan niya ito hahanapin?
>
> Nagsisi siya bakit iniwan ang kanyang Nanay na nag-iisa. Dalawa na lamang sila 'pagkat patay na ang kanyang Tatay. Subalit may dahilan siya sa kanyang pag-alis. Hindi na niya matiis ang kanilang paghihirap. Sapat ba ang kita ni Nanay sa paglalabada? Magkano lang ba ang kanyang kita sa paghukay ng basura? Mas maganda sa mga kalsada, sa sentro ng syudad, marami siyang makikitang mga pagkain kahit hindi sa kanya. Minsan kahit amoy lang nito kontento na siya. Marami siyang mahilingan at kung magbigay man may pabaon na mga masasakit na salita, sigaw at insulto.]

Malinaw na larawan ang eksenang ito sa agwat ng buhay sa lipunan. Dikotomiya ito ng buhay mahirap/mayaman at sentro ng syudad/eskwater. Inilahad ang imaheng sa sentro ng syudad kung saan makikita ang mga establisementong kinapapalooban ng mga maykaya, ng mga amo, ng mga kapitalista na taliwas naman sa eskwater dahil mga mangunguykoy ng basura ang makikita, mga labandera at anupang gawaing panghanapbuhay ng mga mahihirap. Sa pragmatikong pagbasa, ang bahagi ng pagpili ng bata na mamuhay sa sentro ng syudad ay ang pagbibigay- diin ni Rafanan sa problematikong sitwasyong panlipunan sa Pilipinas. Naratibo ito ng isang di-pantay na ekonomiya sa bansa at pagbabagong panlipunan na nagdudulot ng malaking agwat sa mga mayayaman at mahihirap. Ang lipunan sa paglalarawan ni Rafanan sa sugilanon ay higit na may opurtunidad ang mga nasa sentro ng syudad at palaging sila ang panalo sa lahat ng uri ng laro sa buhay. Ito ang ugat kaya lumaking

tulisan ang bata. Hindi upang maging mayaman ang kanyang dahilan sa pagnanakaw at panunulis bagkus pagnanais na mabuhay, larawan ito ng *survival.* Sa kabilang banda naman, ang mga represibong aparato ng estado – ang pulis, militar, politiko at iba pa – ay naging kaagapay sa paghihirap at pagpapahirap sa buhay ng karaniwang tao sa lipunan. Ito ay nabigyan ng pahiwatig ni Rafanan sa pamamagitan ng mga pulis na sumaklolo sa Insek na sumigaw ng magnanakaw, dahil sa batang nangupit ng tatlong tinapay. Makikita sa pangyayaring ito ang binanggit na dikotomiya: *Marami siyang mahilingan at kung magbigay man may pabaon na mga masasakit na salita, sigaw at insulto.*

Samakatwid, ang akda ni Rafanan ay busog sa 'kamalayang panlipunan' na sumasalamin sa sosyo-politikal na mga realidad. Humahamon din ito sa mga partikular na ideolohikal na posisyon, gaya ng kapitalismo, at higit sa lahat ang pamamayani ng pyudal na sistema sa bansa. Sa kabilang banda, isang pagbatikos din ang sugilanong ito sa pamahalaan bilang isang institusyong panlipunang dapat kumalinga sa mga mamamayan nito. Ang karakter ng bata sa sugilanon ay talastasan ng kainosentihan ng mga mahihirap sa kanilang kalagayan. Higit lalo, ang pagpapakita sa kahinaan ng pamahalaan na bigyang tugon ang ugat ng kahirapan, ay larawan ng sistemang namamayani sa lipunan ng Pilipinas. Sa banghay na inilahad, hindi nakaligtaan ni Rafanan na ilarawan ang sistema ng hustisya. Mula sa katauhan ng pulis, tinalastas ang isang katarungang hindi balanse, hindi tiyak, at kumakapit sa naghaharing uri. Ang pagbaril sa bata ay imahen ng isang pamahalaang mas kinikilangan ang isang mayaman kaysa bata. Walang ibinigay sa sugilanon kung paano tinulungan ang bata, malinaw itong pagkakahawig sa larawan ng mga Pilipino sa bansa. Mahiwatig ang naratibo ng pagiging represibo ng pamahalaan mula sa pahayag ng isang pulis: *"Nakasisiguro ka bang kasama siya sa mga tulisan?"/"Opo, sir."/"Iyang bata?"/"Di ko po alam sino yan Sir."* Ang pamahalaan ay walang pakialam sa katulad ng mga karakter sa sugilanon ni Rafanan. Nagpapahiwatig pa rin ito na mas sinisilbihan nila ang mga nasa establisemento kaysa mga nasa lansangan – ang mga kapitalista kumpara sa mga mahihirap.

### b. Bantayog bilang Gahum: Pagguho ng Bantayog Bilang Kotra-Gahum

Sa sugilanong *Bantayog*, naglalahad naman ito ng doble-simbolikong kahulugan. Naging epektibong diskurso ang nilikhang bantayog ng Pangulo ng bansa sa dalawang nag-uumpugang kontradiskyon ng lipunan – ang bantayog bilang materyal na sangkap ng kapangyarihan ng estado at ang bantayog bilang ideyang larawan na may biktima ng dominasyon ng kapangyarihan. Maliban pa rito, naging pinagmulan rin ng kita ang bantayog dahil sa ginawa itong *tourist attraction* sa kanilang lugar. Sa kasong ito, ang bantayog bilang isang anyo ng sining ay naging isang bahagi ng superistruktura ng lipunan. Isa itong produksyon na may pahiwatig tungkol sa istrukturang pang-ekonomiya at sa kabilang banda ang istrukturang ito naman ay naglalarawan ng sinasabi ni Marx (nasa Eagleton) na *legal at political superstructure and to which respond definite forms of social consciousness.* Ang bantayog kung gayon ay naging bahagi ng lipunan ng superistruktura dahil sa impluwensya ng paraan ng produksyon. Sa kaso ng sugilanon, ang paglikha ng bantayog ay para sa pagpuri sa kanilang Pangulo ng bansa. Sabi pa ng eskultor:

> "Nganong si Presidente may gipili mong modelo?"
>
> Miagahad si Sir Justo. "Ang higayon ang nagpili, ako ang nahimong instrumento. Simbolo kana sa gahom sa katawhan busa wala magduhaduha pagbulig kanako ang gobyerno. Gihimo ko ang usa ka mugna sa arte nga buot kong itisok sa kahimatngon sa mga Pilipino, usa ka bantayog sa kadaogan nga nahiugbok sa akong kasingkasing."
>
> Misamot kalawom ang tidlom sa mga pulong si Sir Justo sa panabot ni Dodo. Igo lang siyang miyango ug wala madugay nanamilit.
>
> ["Bakit si Presidente ang inyong napiling modelo?"
>
> Tumikhim muna si Sir Justo. "Ang panahon ang nagpili, ginawa lamang akong instrumento. Simbolo iyan ng gahum ng mamamayan kaya walang pagdadalawang-isip sa pagtulong ang gobyerno sa

akin. Ginawa ko ang isang likha ng sining na nais kong itanim sa kamalayan sa mga Pilipino, isang bantayog ng tagumpay na nakabaon sa aking puso.

Lalong lumalim ang dating ng mga winika ni Sir Justo sa pang-unawa ni Dodo. Tanging tango lamang ang kanyang tugon at agad itong nagpaalam.]

Kapangyarihan o gahum ang depiksyon sa produksyon ng bantayog ng pangulo at ito ay nagpapahiwatig ng kanyang malakas na gahum sa kanyang mamamayan. Subalit ang tanong, bakit mukha ng pangulo ang ginawa? Bagaman hindi nailahad sa sugilanon ang magandang nagawa ng Pangulo sa kanilang lugar, ngunit mahihiwatig sa sugilanon na hindi sumasang-ayon ang mga mamamayan sa pagpapatayo nito. Sa kabilang banda, hindi lamang kaunting salapi ang ginamit sa pagpapatayo ng malaking mukha ng kanilang Presidente sa bundok. Malaking pera ang naging puhunan sa pagpapagawa para lamang sa tinatawag na *kasikatan.* Katulad ng sinabi ng eskultor na *Ang higayon ang nagpili, ako ang nahimong instrumento [Panahon ang siyang pumili, isang kasangkapan lamang ako]*, nangangahulugan itong hinimok siya ng pamahalaan o maaring ng sinuman na nagpapakitang gilas sa Pangulo upang bigyan ng pansin. Nabuo ang bantayog na ito sa gitna ng umuusbong na suliraning pang- ekonomiya ng mga naninirahan sa lugar. Tila ironiya ang desisyong lumikha ng obra maestrang bantayog ng Pangulo sapagkat mas inuna ang ganitong proyekto imbes na harapin ang tunay na kalagayang pang-ekonomiko ng bansa.

Nakatulong man ang bantayog dahil nagbibigay ito ng *kita* dahil sabi nga ni Aling Bestra sa sugilanon, *"Oo,"..."Mao kanay numero unong tourist attraction karon dinhi..."* ["Oo,"... "Iyan ang pangunahing tourist attraction ngayon dito..."] subalit sa mata ng iilan isang estratehiya diumano ito upang makilala lalo ang Pangulo. Ang banghay na ito ng sugilanon ni Rafanan ay naglalahad ng naratibo tungkol sa kontradiksyon sa pagitan ng pangako at tunay na gawain ng isang politiko. Matagumpay na nagawa ni Rafanan ang paggamit ng hiwaga/tanghagang taglay ng sining – ang maging metapora ng pangyayaring panlipunan. Napalalim at napalawak ni Rafanan ang diskurso ng gahum gamit ang bantayog at ang mukha ng pangulo bilang sabjek sa bantayog. Sabi nga ni Eugene Hirschfeld

(nasa Barry 86), *So, art too is complex. It is partly a product of the psychology of its creators, but it is also a product of a dominant 'way of seeing'.*

Maraming mukha ang bantayog sa sugilanon. Isa itong manipestasyon sa *psych* ng lumikha, si Sir Justo, sa kanyang tagumpay. Sa sugilanon, ginawaran ng pinakapamataas na parangal si Sir Justo bilang Pambansang Alagad ng Sining. Maaring isang buhay na patunay ang kanyang gawa sa pagdidiin na siya ay karapat-dapat sa ibinigay na titulo sa larang ng paglilok. Lumalabas na nilikha ni Sir Justo ang bantayong para sa kanyang sariling interest lamang at hindi binigyang pansin ang pangkalahatang interest ng mga mamamayan. Nalikha ang bantayog upang magkaroon ng sariling *landmark* si Sir Justo sa kanyang profesyon na pagiging eskultor. Samakatwid, nang makahanap ng *break* ito, sinunggaban agad kahit batid niya ang tunay na sitwasyon sa kanyang palibot. Napatunayan nito ang sinabi ni Dodo sa kanyang pinsang si Simon, anak nina Tiyo Karyo at Tiya Bestra, na obra maestra niya ito at nagsisilbi lamang ito bilang isang anyo ng sining at ang naging sagot ng huli ay:

> "Ayaw siyag paminawa kay wa siya masayod sa tinuod nga kahimtang sa atong nasod. Ang kinabag-an nato nag-ilaid sa kawad-on. Manarbaho kaha si Nanay mo sa laing nasod kon ang atong gobyerno makahatag pag trabaho? May hustisya bang nadawat ang pagkamatay ni Tatay mo?
>
> ["Huwag kang maniwala sa kanya dahil hindi niya alam ang tunay na kalagayan ng ating bansa. Karamihan sa atin naghihirap dahil sa kawalan ng mga karaniwang pangangailangan sa buhay. Papasok ba si Nanay mo bilang OFW kung mayroon maibigay na hanapbuhay ang gobyerno? May hustisya bang natanggap ang pagkamatay ng Tatay mo?]

Pahiwatig ang banghay na ito na mayroong namayaning ideolohiya ang dalawang kampo – ang grupo ni Sir Justo na kabilang sa estado at ang mga mag-uuma o magsasaka at mamamayan. Hindi

lamang simpleng mamamayan ang ginampanang papel ni Simon, pinsan ni Dodo sa sugilanon, siya ay nagsisilbing teleskopyo na naglarga bista sa mga ideyang pilit na itinago ng bantayog sa mga tao. Higit lalo, representasyon ang karakter ni Simon sa mga indibidwal na nakita ang tunay na agenda ng pamahalaan tulad ng pag-*divert* sa atensyon ng mga tao sa tunay na sitwasyong pang-ekonomiko at estadong politikal gamit ang bantayog. Si Sir Justo, bilang bahagi ng burgesya, ay lumikha ng sining upang kontrolin ang pananaw ng mga tao sa umiiral na ugnayang sosyal.

May pahiwatig ng pagbabanggaan ng pananaw sa lugar na inilagay ang bantayog. Ito ay lugar ng mga mag-uuma [magsasaka], sila na kahit anong pagsisikap ay nananatili pa rin ang buhay bilang mga mahihirap. Sa kabilang banda, ang proseso ng produksyon ng bantayog ay nasa usapin ng yaman at pera. Tinibag ang likas na yaman ng mga mag-uuma at ginastos ang pera ng mga mamamayan upang mabuo ang magarbong imahe ng pangulo. Napatingkad sa larawang ito ang namagitang espasyo ng mamamayan laban sa estado at higit lalo ng mga naghihirap laban sa nasa kapangyarihan. Pasinin ang proseso ng paglikha ng bantayog:

> Niaanang buntag, pag-abot nila ni Nanay Soling niya sa balay ni Tiya Bestra niya, magulang ni Nanay niya, mao dayoy nakakabig sa iyang pagtagad ang bantayog sa layong bungtod.
>
> Nanginsusi dayon siya. Gikan kang Tiyo Karyo niya, bana ni Tiya Bestra niya, nasayran niyag giunsa paghimo ang bantayog. Gahing anapog kuno ang ilawom sa bungtod ug pipila ka tawo ang nag-anam-anam pagtibhang hangtod nga mapormag lingin. Ang panapos nga trabaho gipangunayan kuno sa eskultor ginamit silbing tungtunganan ang isa ka *scafold* ug usa ka *bucket truck* nga maoy sagad gamiton sa mga *electrician* kon may ayohon nga habog nga poste sa kuryente.
>
> [Nang umaga ding iyon, pagdating nila ni Nanay Soling sa bahay ng kanyang Tiya Bestra, nakatatandang kapatid ng kanyang Nanay, agad na umagaw ng kanyang atensyon ang bantayog sa

> nakasandal sa mesa. "Gusto kong panoorin, Manoy[8]."
>
> "Alam mo Do, ang paggawa ng bantayog na iyan at ang mismong bantayan hindi nagustuhan ng mga tao… ikinagalit kasi nagawa kang simbolo sa opresyon o panlulupig. Nabuo iyang simbolo sa pangungurakot at pagwaldas sa salapi ng lungsod. Nahimo iyang simbolo sa paghihirap at pag- agaw ng buhay. Dapat bang likhaan ng bantayog ang isang presidente na isang malaking buhay?

Manipestasyong ang pahayag na ito ni Simon sa reaksyonaryong ideyalistang hayagang kumalaban sa pasista-kapitalistang ugnayan sa kanilang palibot. Katulad ng sinabi ni Simon, ang bantayog ay nagtataglay ng kahulugan bilang kapangyarihan ng presidente. Patayo o vertical ang namayaning daloy ng relasyong mamamayan-pangulo sa kanilang lugar. Lumikha ng mga desisyon at gawain ito [ang Pangulo] nang ayon sa kapakanan ng kanyang pansariling interest at kabutihan. Kinaligtaan nito ang mga mamamayang nagbibigay sa kanya ng katanyagan at posisyon. Naging kapital naman para sa pangulo ang kanyang bantayog dahil lumilikha ito ng mga tagatanggilik – ang dayuhang nais panoorin ito. Ang dayuhang tinutukoy rito ay mga taong hindi tagaroon sa bundok na matatagpuan ang bantayog. Ibig sabihin, maaring mga Pilipino rin ang tumutunghay sa bantayog. Sabay na tinangkilik rin marahil ang impresyong positibo para sa kanila ang pamamalakad ng Pangulong sabjek sa bantayog. Ito ang ginigiit ni Simon na ideolohiyang represibo na dapat labanan. Lumilikha kung gayon ng espektrum ang bantayog na sinasaklaw ang usaping politikal, ekonomikal at imperyal. Sa sining na ito, naitanghal ang kanilang lugar bilang overdeterminadong espasyo ng kapangyarihan o gahum. Bumubuo ito ng iba-ibang giwang tungkol sa tunay na sitwasyong panlipunan na nakaligtaan dahil sa bantayog. Sa malalim na pagbasa, ang pagkatayo ng bantayog ay nagsisilbing banta sa kanilang lugar na pasukin ng modernismong kalakarang pang-ekonomiya, lalo at naging *tourist attraction ito.* Matamang inilarawan sa sugilanon ang lugar kung saan matatagpuan ang bantayog: isang lugar na hindi pa napasok ng modernong pagbabago. Ang mga bahay na gawa sa kawayan, ito ay maliliit ngunit matibay, malayo ang kapitbahay kahit mayroon na itong elektrisidad.

Higit lalo, isa itong lugar ng palayan, mga mag-uuma ang mga tao na nabubuhay sa pagsasaka. Kung ito ay sasaklawin ng modernong pagbabago, tiyak na magkaroon ng mabilisang pagbibihis sa kanilang lugar. Kung susuriin, ang sitwasyon kaugnay sa reaksyon ni Simon ay projeksyon ng pagtutol sa dominasyon ng kapitalista dahil hindi malalayong kung mapasukan ng pagbabago tiyak na gagawin itong *subdivision* at tatayuan ng mga kongkretong bahay. Maliban pa ito sa isyu ng pangungurakot at kawalang pakialam sa mga mahihirap. Kaya ang ginawang pagsasakatuparan sa pagtutol ni Simon at mga kasamahan ay:

> Unya usa niaana ka kaadlawon, igo lang mahuman pagpanuktugaok ang mga sunoy, milanog ang usa ka makusog nga buto gikan sa layong bungtod. Gisundan pa og laing buto, ug lain pa gayod.
>
> "Unsa to, Karyo?" nag-ugom ug kalisang ang tingog ni Bestra gikan sa pikas lawak. "Hain si Simon?"
>
> "Kalma lang, Bestra. Dinhi ka lang kay akong susihon," ni Karyo pa human motimbakuwas. "Ambot hain si Simon."
>
> Misunod si Dodo kang Karyo paggawas sa balay. Nagpadayon ang buto-buto gikan sa bungtod nga nahimutangan sa bantayog. Niining tungora, nakapanggawas na usab ang ubang tawo sa kabalayan.
>
> "Ang bantayog, Bestra, gibombahan!" singgit ni Karyo.
>
> [Isang madaling-ara, katatapos lamang ang pagtilaok ng mga tandang, umalingawngaw ang isang malakas na pagsabog mula sa malayong bundok. Sinundan pa ito ng ibang pagsabog, at may iba pang pagsabog.
>
> "Ako iyon, Karyo?" may himig ng takot ang boses ni Bestra mula sa kabilang kwarto. "Hain si Simon?"
>
> "Kalma lang, Bestra. Dito ka lang at hanapin ko siya," wika ni Karyo matapos ang mabilis na pagbangon si higaan. "Ambot saan si Simon."
>
> Sumunod si Dodo kay karyo na lumabas ng